

**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE'S DIALOGUE
WITH MINING COMPANIES AND STAKEHOLDERS**

Heroes Hall, Malacanang

August 3, 2017

Thank you for the courtesy. Kindly sit down.

Alam mo, this time hindi ako nagbibiro ha. Talagang—I had an operation here four days ago, tinanggal na iyong plaster, pinalitan. Pati iyong sa likod ko. Parang may tumutubo na mga minahan sa katawan ko. *[laughter]*

Ganito iyan ha. We are a democracy, we recognize free market. And, as citizens of this Republic, everybody, lahat, Filipino is entitled to the wealth beneath the bowels of the earth. Kaya ako naman nung Mayor, since the Diwalwal and other diggings happened outside of my city, though I was the Chairman of the Regional Peace and Order Council, hindi ko masyadong pinakialaman yan because that was not really part of my job.

There's the Mining Law, there was a Bureau of Mines and ako, pumapasok lang pagka may gulo. Sometimes, iyong tawag nilang bar down, that's the talkaties, iyong magko-collapse na mga mines and for the several occasions that happened, I usually go there upon the instructions of the President. Most of the time, kay Gloria Macapagal-Arroyo.

Pumupunta ako doon to mediate between the NPAs, iyong taxation nila, and those who wanted to resist. Because some of them or most of them were under arms. Ang karamihan naman, unang napasok diyan sa Diwalwal, mga diwata na iyan, were the policemen and military men. Marami na sa kanila ay yumaman, at maligaya ako. But there was also a time that most of the members of the AFP at iyong mga pulis tried to enter the place. And there was a howl and a congressional investigation was initiated.

I was the member of the committee of law and order and kami iyong binigyan ni Villar, the committee of Roilo Golez, to handle the investigation. Noong pagpasok ko ng araw na iyon, maraming yung mga police, pati military na taga-Davao. You know as a Mayor, I get good rapport with everybody. So walang problema diyan kasi kaibigan ko lahat, both the left and the military and the police. Alam ni Roy Cimatú iyan, he was there for quite a time as a Brigade Commander. So for all of those times hanggang doon lang ako.

May sasabihin lang ako sa inyo; ito, totohanan talaga and if you want to just know the truth, all you have to do is to sound off and I will personally bring you to the place. Kami ni—iyong mga military, alam ninyo iyan. Diyan mismo sa Diwalwal, where the ball mills are located. Ang river diyan is not really brown, but black. And as any ordinary—maka-graduate ng high school, alam niya na that the river is supposed to be at least green clear, pero iyan putik and it was the result of all the waste water after the ball mills from the above.

Ako naman—since that is not really my concern, and there is a Mining Law which allows mining in this country. And therefore, you cannot stop mining. You can only regulate and go as far as you can to make it comply with the requirements. It could be national, international, to come up with a sensible mining operation. Iyon lang ang ano ko doon, that was the long and short of my task there.

Noong nag-Presidente ako, I tried to be as neutral as possible. I said because, iyon nga, I'm going back to that incident, most of the incorporators ng mining company organized by the police and the military for their own—sa kanila rin. And it was questioned in Congress. I took the floor to defend the military and the police solely on one critical issue.

Sabi ko sa kanila, “are these soldiers or policemen Filipinos?” Answer was “yes.” Sabi ng (inaudible). “Then, how can you debar them from also getting a share as a Filipino of the wealth of the nation.” Sabi nila, Well we cannot answer that issue, but we can only say that the mining process being followed are very destructive.’

Hanggang ngayon, it has blossomed into something like almost mga 100,000 na iyan sila, eking for a livelihood anywhere. So diyan sa Mindanao, iyong mining diggings are endless. Everybody is into gold hunting. Just like the history of America, ‘Go to West,’ there was progress there because there was mining. Ganoon rin ang nangyari and ang ayaw ko diyan, every contending parties, they usually resolve it in a bloody solution.

I cannot now tell you, but plenty, magsabi ka ng 100,000 of the unaccounted Filipinos who died there sa mga tunnel, na-collapse at saka iyong pinaka-walanghiyang ginagawa nila is that if they fight in one hole, a rat hole diyan, the easier way for the others is just to pour gasoline or a burning tire, set it afire and the problem is solved. Those were the things, those were the murders that were never investigated. And I cannot tell you how many Filipinos die there, the poor souls who went there, maybe hoping that they could get something also.

That is the inequality of our society because ang karamihan kasi could only afford, even to form a corporation, even the gestation period of the paper, either in the bureau which is down, up to the field of—no, down to the field office up to the mining companies here. Iyan talaga ang totoo. Maraming Pilipino, iyong nakaka-survive lang diyan are the big corporations with money, with equipments pero iyong iba, wala na. Talagang—iyong basta-basta na lang at kung meron silang makita, either it is a—kunin ng mga, itong may armas o outright, the NPAs also collect.

So both sides, they are buffeted, even if there's a new vein there, that is really as fat—as fat of the land can be. Hindi man kanila iyan. Ako naman, hindi nagpapa-hero, hindi naman ako mayaman, hindi rin ako pobre. Pero as a Filipino, I grieve for all of those who are really sidelined or marginalized to the hilt. Iyan lang ang ano ko. Yan lang ang concern ko kasi when you run for a public office, and you are tasked to do something, your aim cannot be perfect justice, that's impossible, no such thing. You can only be fair

to everybody. And if there's a law allowing mining, who am I to stop it? I have to go to Congress and say that it is good for this country to stop mining. Well, before the 70 billion and the excise tax of how much? Two percent? Seven? Yun ang dilemma ko.

There was this Gina Lopez na who had the passion, but ang problema kasi, she went into the office with a ready mindset na hintuin ang mining. Ang problema nga, ang batas. There is a Mining Law which in the first place should first be abrogated before you can do anything drastic. So iyan ang wala kay Gina, so wala tayong magawa. And because there is a Mining Law, and if they comply with everything, and you refuse to issue a permit, you can be compelled by a process in court called 'mandamos.' And the judge will now ask you why in hell are you delaying the permit for what reason, and you have to justify and it has to be a good and valid one. Otherwise, mapapahiya ka rin. So nandiyang ako sa—I'm on the edges of really—

Ngayon, may prepared speech ako, which I usually do not read. It took you time to be here, siguro an hour considering the traffic. But it's just an injunction or admonition for you without a visual thing in the words. Ang akin kasi ganito, I viewed iyong kay—iyong exposé ni—sa ABS-CBN, pati iyong kay Gina.

And you know, for me, without offending anyone, the first spade full of soil that is excavated from its original virgin setting is always a degradation of nature. Every cutting of the trees, it might have produced millions for the country, brought jobs and everything, but still, when you tinker with the original earth, somehow a miniscule of destruction of the environment starts there. That is my philosophy in life, although I am not a businessman. I am a prosecutor, before I became a vice mayor and mayor. So iyan lang ang alam kong batas.

So anyway, I can limit from the way that I answer questions, sometimes pasuplado, which I usually do. Pero dito sa gobyerno na ito, 'pag hindi ka magsinuplado, minsan kung hindi ka bastos, either bababuyin ka o hindi ka pansinin.

And even how you treat the issue with the delicate approach, because this is a democracy and there is always the pressure group. Somebody using their newspaper to protect their holdings which include government property that they have not returned to the Filipino people. Iyong mga ganoon, protect dito, protect doon.

Kaya ako bastos. I have learned that very early sa mayor ako for 23 years. Talagang bababuyin ka ng media, iyan ang trabaho, basahin mo iyon kung anong pinagsabi noon. Damn if you do, damn if you don't. You kill, sabihin na, one poor guy from Tondo, sabi, pinapatay mo iyon lang mahirap. Patayin mo naman iyong malaki, which have been lording it over in Mindanao for almost—you can ask any military or police, ang (expletive) 'yan. Kaya iyong nagpipiyesta 'yan sila, but they're still afraid. It was really an oppressive thing there.

Kaya sabi ko, 'yan ang isang nakalusot, iyong si Ardot, iyon ang pinakatarantado. He was able to escape, sa lahat ng mga Parohinog. Sila iyong Kuratong Baleleng, sila

iyong nag-holdup dito noon na mga bangko, big time. And these were really ex-military men in cahoots with the hoodlums of Mindanao, but they were protected by Dictador Alqueza, iyong general ng pulis. But iyong Alqueza naman, he was using the group to fight the NPAs, but—so he assembled most of the bad guys, the good, the bad and the ugly, para ilaban niya doon. But he was impelled with a higher reason, and that was the security of the state.

Iyon ang protector nila talaga sa Mindanao, because I had a chance to prosecute one guy dito sa Davao, doon sa Lapanday, iyong payroll na hinoldup nila, pinatay nila iyong cashier na babae, but they were apprehended, and so they're brought back to Davao. And Alqueza was not known to me then, I moved to cite him in contempt of court because hindi siya pumunta doon. Pinatawag ko siya kasi siya ang amo. So we're just a little bit of—medyo asaran, but eventually, he's a very reasonable man. Sabi niya, "Alam mo mayor, I'm just protecting my country." "So do I." Sabi ko, walang diperensiya, "But you know if there is a court process, you have to honor it. You just tell me. If you want the case dismissed, eh dapat huwag mo akong ilagay—don't put me in a spot where I have to explain to a judge."

And alam mo naman mga judges kung magalit, lalo na bata ka pa, mumura-murahin ka man rin niyan. Iyon ang number one nagmumura dito eh, hindi naman ako, sila iyon *[laughter]*. I just learned from them. Kayong mga abogado, alam ninyo 'yan, kung magmura 'yan hanggang ano na lang. Ako, ano lang ako, high profile because in the sense that I'm the President, so everything that spews out from my mouth is recorded and criticized. Pero I'm no different from you guys, 'pag magalit. Ang akin lang is, I am carrying the burden of governance. So iyan ang—

Ngayon, itong degradation, nandiyan talaga 'yan. So at least, if you can, let's improve on it a little bit. Huwag naman akong magmukhang kontrabida kasi you know, it's not easy to be President and it is only once. And whether or not you leave a legacy of a good name, or whether you are corrupt, whether you are really a murderer, what not—iyon naman siguro ang maiwan mo sa buhay na ito, not even your children and the people because they will—in due time, forget you. It's a fleeting moment. It is for me na when I go, may baon ako. I don't know where, what part of the universe I'll be flying to, but I just want something to remember by if I still have that consciousness in me when I die.

So magko-compromise talaga tayo dito. I have seen the clips of spillage. And over the cliff, there's a—nag-i-spill iyong ano. And whether we will argue until morning time, alam talaga ninyo that it will degrade the coastal shores. Ang isda niyan, because hindi na niya makita, they have to go farther and farther. Itong mga fisherman, if they do not have the resources nor the equipments to fish from a distance, mahihirapan talaga 'yan sila. So in a sense, they are deprived of a livelihood, lessen. Iyong sa mga rivers, nakita naman ninyo at maski magpunta tayo bukas lahat doon. And I'd be your guide, nandoon talaga iyong lahat pati ang masakit sa akin is—

Akala siguro kasi nito si Gutierrez because he was with Roxas na pinag-initan ko siya. So he came to me and said na, “Areglo,” sabi ko, “Wala kang aregluhin sa akin. Hindi ako ganoon na pagkatao tapos na ang eleksiyon eh. Binaon ko kayo ng 6 million. Why should I bother with you?” Ang nasabi ko lang nakikita ko, “Adre ganito iyan, since you started in the part of the Mountain of Agusan. Nakikita ko na talagang pa-hum — yung bold. Sabi ko, “Kung masunod mo lang naman yang—as you progress here may nakita akong maski 3 to 4 inches of—iyang trees growing, maligaya na ako niyan. Pero haros-haros lang kayo ng ganoon, magka-diperensiya talaga tayo.’

Not because of the people, not because of the stake—but as a matter of principle for me. Hindi talaga ako papayag ng ganoon and you deprive the people of livelihood. Pagka bumaba iyang lupa diyan, talagang sabi ko, it loosens the— iyong pag lumuwag iyan, may butas ka na—and I used to fly all over Mindanao almost every month. Makita mo iyong parang tansan na binaliktad. Ako minsan magsabi ako, “Tignan mo.” So maski saan iyan because it is not only the corporate world who is there, but lahat, natuto na magkutkot, parang kagang sa Bisaya.

Nandoon ka sa Pagatpatan, Pagatpatan sa Bisaya is the wet land, iyong kagang are the crabs, iyong maliit/malaki na mayroon butas, ganoon ang nangyayari sa Pilipinas.

Ngayon, okay lang ako diyan sa open pit mining, pero you have to spend and you have to go to the people and make amends. Either you support or give them another livelihood.

But itong akin muna, you plant the trees and repair and avoid the spillage, that is my demand. Walang kasali diyan tao, na maybe itong taong—the other stakeholders, kung sabihin ko sa inyo, hindi naman natin maputol iyan because the mining law, the easiest way to do it is really to do away with the law but you know, Congress is there. And we are a republican form of government.

We cannot all go to Congress to air our voice so we do it by representation that is why, they are called representatives. So, for as long as those representatives of the people would allow it, there is nothing I can do about it. I can only insist on the implementation of the mining laws to see to it that the environment is amply, if still there is such a word to be used until now, protected.

And iyong tinamaan, iyong nawalaan ka ng hanapbuhay, the land has become arid or contaminate with the other soil na hindi na puwedeng—because you know a soil has its own purpose. That is why you have to go to the Bureau of Plant Industry. If you want to plant, do not plant at once. You go to the Bureau of Plant Industry, iyong ginagawa ni Piñol then what is best suited, the crop to be planted here. Eh iyong kanila with the mixture of soil, the land has run dry. It’s arid.

So anuhin natin ito ngayon? Maybe, sabihin ninyo when there’s just a—a few thousand dollars or millions of pesos, hindi naman talaga malaki iyan. Even granting that you are doing, even lang. There is the larger thing of the people also out there, with livelihoods

destroyed and getting hungry. So I will appoint an equal number from your side, you nominate at saka iyang sa stakeholders.

I do not want communist because the communist want their thing done immediately. Talagang komunista, 'pag gusto nilang mag-demonstrate because we want to end mining and they target me. Itong mga bobo na ito ang (expletive) hindi naman nila alam na hindi ko talaga kaya iyan because democracy ito.

Otherwise, the easiest way really to improve this country is to install an autocratic government. As long as the military will say and the police we will support General Cruz. We would like to have these reforms in government through him. He will be our leader and those opposing him will be killed. Ah wala ito, in ten years' time, if that son of a bitch is really good but if happen to have one, pareho ng mga diktador lahat na dumaaan pati sa Venezuela ngayon, nabaliktad na, sila na iyong ino-oppres na itong si Maduro, siya na iyong wala talagang—iyong promise of a new leadership, tinanggal, namatay iyong si—tapos, pinalitan niya, isa rin pa lang diktador, ayaw ng eleksiyon.

Ang Pilipinas, ganoon rin. Ayaw ninyo kay Marcos, tinanggal. Then ayaw ninyo kay—si Ramos, hindi ninyo magalaw-galaw kasi marunong, bright pati he knows how to really play the game. Eh one exception, at a time na our economy improved a little bit. Then because of there's the limit. I don't know why, the people insisted on it, 6 years lang. So Arroyo, Estrada, eh puro bugok, walang nagawa. Paano ito magawa sa—hindi naman ito atin. Sabi, "si Duterte, big fish sa Tondo lang." Pinatay, o patay si Parajinog, the biggest—hindi lang tilapia, whale iyon. Sabi naman, "rubout."

Dito ko sila pinaano. Three batches dito, sinira ko except the security. Sabi ko sa kanila, tatlong—(expletive) kayo, huwag ninyo akong—do not (expletive) with me. Huwag ninyo akong hiyain kasi sa Davao nagawa ko. (expletive), yayariin ko kayo. Tapos governors, tanungin ninyo, governors, ganoon din sinabi ko, "(expletive (ninyo)," kasi 'pag ang barangay captain, ang mayor, ang Chief of Police, pumayag, larga iyan.

So I have an updated—is somebody in possession of the—karamihang drug lords dito are the barangay captains and the municipal mayors. So how can you have an election? Updated as of July 25, 2017. Puro pangalan na—how can you run this country peacefully? How can you improve the country with all those human right shits, shitting anywhere? Kaya nila—ibigay ko sa kanila. You take care of the problem. Ito, para walang ano, sabi ko kay Oca Cruz, "O iyan," Ibigay ko kay Ambassador kasi maingay iyong Amerikano, sabi ko, "You solve the problem." Mga tahimik na. Wala man silang magawa. Akala ninyo, ganoon lang iyan, it's a police operation.

How do you—how can you expect the Philippines to rise as a progressive country with a drug problem such as this, 42,000. Ang categories: Calabarzon, Central., nauna dito. Ito lahat, arrest order no. 02, Marawi ito. Ang lahat ng drug pusher is—hindi ito rebellion, drugs lang ito, this is report sa drug. 185, ang number one is Hamsa Rumatum Maute, the last 185, Bangbang Maute. Iyang si Parajinog, matagal na iyon. Anak kayong mga taga-Mindanao, alam ninyo, huwag na tayong magbolahan. Alam ninyo iyan, they are

lording it over election after election, terorismo, terorismo doon. Tapos ngayon na namatay sa—

You know, when I was Mayor of Davao City. It was really a city in shambles. Doon iyon lahat ng NPA, they perfected the art of assassination there. I used to lose five, six policemen, Philippine Constabulary noon pa and army.

So, when peace time came, nag-slow down ang komunista, because of the amnesty given by Cory releasing all political prisoners. I had a chance to do my thing. Ang hinabol ko naman iyong mga alsa masa, those ano na, if we wanted every Tom, Dick and Harry who wanted to be anti-communist were given firearms, free of charge, walang papeles. So nawala ang komunista, pumasok itong mga Kuratong Baleleng. They were the good ones, they were used to fight. Nung wala na dito iyong hold-up, RCBC, lahat ng bangko dito, kanila iyon. Talagang preparado iyong mga iyon, hindi iyong mga small time dito na, talagang may pangrakrak, armalites with all.

Kaya nasabi ko dito, pati si Loot, hindi ko alam, nandoon pala iyong General, isa ring (expletive) Patayin natin iyan Roy (laughter). Ah (expletive) niya, huwag niya ako—huwag niyang sabihing general siya, talagang yayariin ko siyang (expletive) niya. I don't give a shit. Sabi ko sa kanila, huwag ninyo akong lokohin, ayaw ko ng droga, sisirain ang bayan natin eh. The next, the losing—the losing generation will be the next one. Tayo, kasi na-alert na, buti naging Presidente ako, sabi pa ito ni Noynoy, sabi ko, gunggung ka pala eh.

You know, ang seizure ng—for all the six years that he was here was about about 3,900 kilos. Ako, one year pa lang, ang seizure ko sa Cebu is 2,000. At iyong mga tigas, beyond the rich because they had the private army, they had the mayors. Hay sabi ko huwag mo akong—maski heneral ka o police ka, (expletive) mo, yayariin kita. Sabi ko huminto kayo. Tanungin ninyo ang governor sa inyo, sinabi ko, “hindi ko talaga kayo papalusutin.” Not—maghintay lang kayo na, just rest for a while, and wait for after about five years. Kung hindi ako buhay sa lahat ng panahon, then go back.

Pero kayong Pilipinos, hindi ako, kayong mga human rights, hindi ako ang may problema, adik. It's the country that is suffering. Ako, huwag mo lang akong galawin sa Davao pag-retire. Just keep a healthy distance and all right ako, bahala. But it is the country, the Filipino people who will suffer. But believe me, as long as meron tayong mga military men, graduate sila ng PMA. They would not allow it, tingnan mo. Tingnan ninyo pag wala na ako, maybe they can stomach it, because may taong—somebody is taking care of the problem. Pero if you elect a son of a bitch na wala ring ganoon, gusto lang yumaman, gusto lang pumorma. Ayon, a coup d'état cannot be far behind.

Just to give you an example. I became President July, June 30 last year. Pumunta ako doon sa AFP Medical Center, nagtanung ako ng MRI, because I'm using—kaya nga ako, sabi ko, huwag kayong maniwala diyan, ito iyong ano ko. They extracted a growing mass, biniopsy pa naman. Pagka malignant ito, pakisabi na lang kay Roxas, pati and company na—in a few years, maybe you're okay. Maano ito, pero ngayon maliit na

lang, tinanggal na iyong—ibang ‘yung, ibang doktor, ibahin ng doktor, lagyan ng tali, tapos hilahin, eh parang ituhog nila, mga ganoon ito. Itong doktor ko dito, iyong ginamit, iyong scoop ng ice scream. Lumiit na, it’s shrinking. But iyon talaga ang ano ko. They want to hear the word malignant siguro, even if it’s benign, sabihin mo lang, malignant para maligayahan ang mga gago. (laughter) At least there is a ray of hope for them.

But ako, iyong ganoon lang ako, pero I have been Mayor for 23, iyong ganoon, wala na iyon. Dito kayo mapahiya sa akin. Never ako nag—so there will be no corruption. And I appreciate it very much, at the first whiff pumunta ka na sa akin, direktso ka na, huwag na kayong magpunta ng iba. Just tell me who is that official. And you can be very sure, I will fire. Tell me the truth only, do not hesitate to come to me, maski anong oras, sabihin mo lang, tumawag ka sa 8888. I want to talk to Duterte because there is a corrupt guy there by the name, name him. And we will talk and I will call him.

So just stick to the truth and at the end of the day, you are rid of that official. Hindi talaga ako papayag na may corruption, maski kaunti lang. Don’t waste your time, padala-dala ng mga fatigue, I don’t wear it. I am not used to it. I can only buy the watch that ordinary people can afford. You have never seen me wear a gold watch, kasi baka sabihin ninyo, gold-digger ako sa babae o sa Diwalwal. [laughter] There are two kinds of gold-digging here. The better one is, you dig gold with the lady, but only if she is extra rich. Kung hindi naman, basta kailangan, maganda. So iyan ang ano. That is my solemn covenant with you. You have my word of honor. There will be no corruption and huwag na kayong—iyang pasko, magbigay kayo ng mga sapatos, mga fatigue, nakokornihan ako diyan, sa totoo lang. Hindi ko talaga. I cannot imagine myself na—ever since.

Ang gold ko siguro, iyong mga regalo-regalo, it stopped but because I said, “During Christmas time, do not send me anything. Natikman ko na lahat pati iyong mga anghel sa heaven. [laughter] Wala na akong hihingiin. I will not go for that. Hindi ako madala sa mga ganung ano.”

Alam mo, totoo lang, may Mercedes, nagbigay sa akin, nandiyan. Ayaw niyang kunin eh. You can ask the security of the compound. Mercedes Benz, armored. Eh sabi ko (expletive) paano ako mamatay nito. [laughter] Alam mo, people who gift you with mga ganoon, gusto na niya pahirapan ka sa buhay. (expletive) kung iyan ang sakyan ko, matapos ako ganoon, hindi ako tatablan ng mga ambush, then I get to live for 120 years. [laughter] Anong gawin ko dito? [laughter] Iyong bayag mo niyan, parang jolen na lang kaliit. [laughter]

So there is always a time to be born, and a time to die; a time to live productively and a time to go. Ako, pagkatapos ko nito, exactly five years if God—I am challenging God even to take me. Sabi ko, “Patayin mo na ako, pag hindi eh tatalon ako diyan sa—” Ambaho naman kasi. [laughter] Medyo siguro kung may mga swimming pool kayo diyan sa Forbes Park ninyo, pahiram na lang.

Hindi totoo, I am not trying to be funny, sarcastic or anything. I’m not trying to be hambog, hindi ako pinagyayabang—that has always been my— and anybody for that

matter, mga military iyan. Ano iyong kanila, kanila. Hindi ako yung Mayor na binubulsa ko iyong—kaya ang mga military, malapit iyang—military noong eleksiyon, Duterte lahat iyan pati pulis.

Because ganito iyan. Pag ang isang pulis, isang military, nagtrabaho according to your order, at nagkakaso lalo na iyong police pati military, they are suspended. The day that they are suspended, when the case is filed after an investigation, preliminary or inquest, wala ng salary iyan, putol na ang pagkain sa mesa. Ma-eskuwela ang bata, hindi makapag-aral at walang abogado, ibinibigay itong gobyerno na ito. Iyan ang experience ko sa 23. Kaya ang pulis, pag nagkakaso o Army, sa Davao, akin iyan. Lalo na kung ako ang nag-utos. Pag sinabi mo, “Hindi mo tulungan?” Sabihin niya, “Bakit mo pinatay?” “Sabi man ni Rody, patayin daw,” naloko na. Steady ka lang diyan, if it is really in accordance with the law ang ginawa mo, I will help you. Pero ano ako sa abuso—iyang droga na iyan, huwag kang maniwala diyan, susmaryosep. 7,000 saan mo—when I was Mayor, more or less about mga 600 siguro lahat plus. Iyon yung lumalaban, iyon iyong talagang may droga na hawak na—iyon iyong sumisira ng tao. Kaya sabihin mo iyang mga runner-runner na iyan. Pakulungin ko na lang. Bakit ko patayin? Iyong sabi nila, “pobre.” Yang mga pobre, sila iyan, ginaganyan, lalo na most of the generals were involved.

So, on the first day of my administration, sabi ko kay Bato, huwag ka munang mag-operate. And the day—for one week, puro patayan-patayan dito. Akala naman ng mga ulol, akin iyon. Sila-sila iyon, sila iyong mga ano para—then I began mine and nadagdagan. Mayroon rin, I would not—I would be a liar to say na walang extrajudicial killing. Pero iyong talagang paluhurin mo ang tao, i-wrap mo, hindi trabaho ng pulis iyan, maniwala kayo. Iyong parang i-torture mo na—ang pulis, hawakan mo lang iyong ulo man, magsabi ka, hindi o totoo: bog. Oh bakit ka pa magbili ka pa ng (expletive)—you are not in the business of producing mummies here, sa Europe lang iyan—sa Egypt. Bakit mo balut-balutin ng ganun? Alam ko, eh matagal akong Mayor at alam ng mga Mayor iyan. Lahat ng Mayor, alam nila na hindi trabaho ng pulis iyan. Alam nila, kaya iyan ang isang problem.

The other problem is itong—alam mo, kaunti lang naman itong atin. Para to satisfy also my yearnings just a little help that I can extend to my fellowmen. One of that is iyong hard hit sa mining industry. We can go into a happy compromise.

First, we have to save earth. If you can really contain and if I see trees blooming, my God, I’ll give you 50 years maski na hindi ako Presidente, I will insist on a—I’ll give you 50 years of mining. Ubusin mo na hanggang—they say that at the center of the Earth is a raging fire. Kunin mo na doon kung kaya mong sumawsaw doon sa—just give me a—para hindi rin ako mapahiya sa tao.

You know, itong sa pa-crusade-crusade, claims to be a crusader but look at his time. Wala daw akong nagawa, eh ‘di wala. Pero pag natapos lahat iyan—why should I also be claiming to be mine. It’s not my money. Kung sabihin nila, “Hindi naman kayo—” Ganoon ako magsalita kaya sinasakyan ko kayo. Pag sabihin mo, “Ay si Duterte

bastos.” Oo, bastos talaga ako. (expletive) mo, bastos ako, eh ano ngayon? O tignan mo iyong NPA. Sabi niya, Bully ako. Oh (expletive) mo, bully talaga ako lalo na the enemies of the State. Oh ano? Talks-talks ka, (expletive) tuktuk ka. Walang talks. Mag-away tayo. Karami kong Ilocano, pati Ilonggo. [laughter] Hindi, totoo iyan: most about 80 percent ng ating sundalo are Ilocanos and Ilonggo. Iyong Ilonggo ng Mindanao, kaya iyong Ilonggo ng Capiz sa Aklan eh te tikal na nga. Wala. [laughter] Te tikal, oo nga sige lang, hambog sang istorya. [laughter] Hindi, hindi, biro lang iyan. Oh (expletive), lola ko, taga-Iloilo.

Ang ibig kong sabihin, iyong matatapang na Ilonggo, iyong mga anak ng migrants sa Iloilo sa Mindanao. Parang Palestine, Israel iyan eh. Agawan, ipagbili sa kanila, tapos pag nandiyan na iyong harvest, bibilhin ulit, kunin iyong— yung mga ganoon, so wala. Ang mga Ilocano, good nature mixed well—iyong laki ng (inaudible). Pero dito, magpunta ka sa wounded, “Bata, taga-saan ka?” “Mountain Province sir, Benguet, Kalinga, Baguio.” “Ikaw?” “Eh sa Mindanao, sir, Midsayap.” Ilocano iyan—ah mga Ilonggo. Iyan lang ang sundalo natin. Ako, taga-Cebu, sige magsabi? Saan ang Cebuano dito? Sa isang ospital na wounded, eh singkuwenta, tiway man, ni isa nga Cebuano linti na, wala talaga. Wala akong nakitang taga-Bohol except for the—yung una doon sa Davao, na-assign, iyon lang. Wala na.

Kaya ako, mahal ko rin talaga itong—well of course, laking Mindanao ako eh, so I can—nakukuha ko iyong Ilocano, huwag iyong Ilocano na may halo na. Sa Abra, wala na eh, hindi mo na maintindihan. Mahirap, Ilocano, maraming— iyong Ilocano na ano, pati Ilonggo. “*Ti Hilonggo ga hambal ko, nga classmate ko ara, damo nga Hilonggo. Hilonggo ngari, Hilonggo ngadto. Tikal ngari, tikal ngadto.*” Pero matatapang.

Bisaya? Hesusmaryosep! Puro ham—makita mo mga Bisaya? Hambogero. Magpunta ka sa Visayas, lalo na Cebu, pag Bayang Magiliw nila, sila na lang ang kumakanta, kasi trinanslate nila ng Bisaya eh, and to think, ang national language natin is Tagalog. Kasi puro mayayabang ang mga ulol, naggawa ng sarili nila. Papa ko, taga-Danao, Cebu. O doon, ni isang congressman, wala ako, and to think taga-Cebu ako. Noong eleksiyon? Wala, pati iyong hometown ng tatay ko, mga pinsan ko, mga Durano sa kabila. Pagdating ng eleksiyon, ang majority ko, 2 million, iyong mga Bisaya, mga kulungog.

Partido pa dito noon, nandoon sila. magpunta ako, walang magharap sa akin. Pagkatapos ng eleksiyon, wala na. Sinong napurdoy? Eh ‘di iyong mga kandidato. “Ah sir—” iyong survey, “Sir, number 4 ka lang doon raw.” “Ah, wala tayong magawa. It’s destiny, kung ayaw talaga ng Diyos ‘di wala.” Kasi nandoon lahat. Naghintay lang pala ng bigayan ang mga ulol. [laughter] That’s life. I’m veering too far away, but ulitin ko lang, para I will not waste your time and I will not also making any— or making any impositions.

Just select me—ayaw ko ang left because mas marunong sa iyo, ‘yan ang ayaw ko sa kanila. Mas marunong sa iyo, mas bright sa iyo, hindi ka makabili nga ng sapatos ang mga gunggong, (expletive), mas marunong pa sa iyo. Dinadaan sa—iyong sinuplado. Kaya noong nag-SONA, pagkatapos sabi ko ng mga security ko, “Sir pinagmumura ka

diyan sa EDSA.” “Ha?” “Oo, sir.” “(expletive), punta tayo.” “Ano? Anong pinagsasabi ninyo?” Saka may effigy si Bato, pati iyong akin. Effigy, sunugin ninyo? Sige, pag hindi kayo sinagasaan dito ng bumbero. Hindi nila sinunog, pero pinuntahan ko talaga, kasi nagmamadali eh.

Sino bang ayaw magtulong ng mahirap? Me? My father went to Mindanao, married my mother who was a daughter of a Maranao. Chinese ang tatay niya, nanay niya Maranao, kaya I’m a Maranao. Pumunta ang tatay ko doon as a migrant. So iyang Ateneo University sa Davao, may bahay kami diyan, barong-barong. Wetland ‘yang Davao eh, puro ano lang ‘yan, tapos nakatikim pa kami ng demolition eh. Kaya sa Davao noong mayor ako, wala talagang demolition. I never allowed it.

But I made it a point to acquire lands. Ako ang pinaka-highest sa land acquisition. Then maghanap pa, pagdating ng Bahay Kalinga, tapos mag-sponsor ako ng mga milyonaryo. Sabi ko, “adre, dalawang bahay ka; ikaw, tatlong bahay ka. Gusto mo o ako ang maghingi sa iyo?” Lyon ang mga sakit ng mga mayor eh, punta ng abroad, tawag agad ng negosyante kay—ang dollar! Kaya nga ‘to— “Mayor, kung wala kang pera?” (expletive), huwag ka nang magpunta-punta ng abroad. Bakit magpagasto ka sa amin?

Marami, maski dito sa Cabinet ko, you would remember them I know. Pero ni minsan sa buhay ninyo, hindi ako pumunta, ni wala akong hiningi. To tell you frankly. Lucio Tan? Last two days of the campaign, he was there, I never accepted his money. I never accepted his money.

Si Megaworld, Andrew Tan, si Lucio Tan, tanungin ninyo. Hindi ako tumanggap, kasi alam ko, tumulong sa akin iyong mga dini-dig ko na gold, iyong mga babae na mayaman. Kayo magpulis, may lima kayo na ganoon, mayaman, mga biyuda na bata, ah wala, okay na. (laughter) Panalo na kayo, congressman. Hindi ma’am, it’s a bad joke, but just a joke.

So I’d like to thank you for honoring my invitation. This I can give you: if you want to see me for any problem connected with governance, tell me right here. You are welcome, magtawag ka lang kay Bong, Bong Go is also Chinese, pareha kami nito; ako, lolo ko. Bong, ibigay mo iyong number nila, call him—o ‘di kay Roy, pumunta ka kay Roy, sabihin ninyo problema. Si Roy lang is just there to implement the law, na kung medyo hirap ka, eh ‘di mag-usap tayo. Tingnan natin what we can do.

Ang medyo kabisado ko diyan, na kapa ko talaga na honest, he was the bureau noon sa—Bureau Director, Bureau of Mines sa Davao, then Chito Ayala got him. Tapos noong nag-mayor ako, Chito did not support me for the first time; second time, he was consistent. Binigay niya iyong akin, si Jacinto. Jacinto is a graduate of—iyong mining, ah ano ‘yon? Geology, and he’s bright. Bright ‘yan, valedictorian ‘yan. He knows his law and his business. Punta lang kayo sa akin, walang problema. Huwag kayong mag-ano, wala akong hingiin, ni hindi ko kayo pabayarin ng kape.

Iyong iba, pinapabayad ko dito, and when I break bread with you, it's really simple. One sabaw and one (inaudible) and (inaudible). Dito 'pag niyaya kita, isang sabaw, isang kanin, isang ulam. Alam mo bakit? Hindi man kayo masyadong nagbayad nang husto siguro, wala mang pera eh. But if you pay your taxes, pansit siguro next time when you come.

Maraming salamat po.

* * *

NEWS AND INFORMATION BUREAU